

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

★ American Football maglalaban sa Kawasaki ★

(アメリカンフットボール川崎大会)

301

Sa wakas narito na ang pinakahihintay ng lahat! Ang American Football na gaganapin sa Kawasaki ay mag-uumpisa sa ika-7 (Sabado) hanggang ika-15 ng Hulyo (Linggo) sa loob ng siyam na araw sa Todoroki rikujyo kyogijyo at Kawasaki kyujyo. Ang unang laban ay Japan VS France na siyang magsisilbing opening game sa ika-7 ng Hulyo. Sa Sabado, ika-14 ay gaganapin ang labanan para sa third and fifth place at sa ika-15 (Linggo) ay ang pang pinale o championship game. Ang mga kasaling bansa ay ang tyampyon mula sa Sweden, France, Germany, Korea, Japan at sa kauna-unahang pagkakataon ay makakalahok din ang bansang America kaya't anim na bansa ang maglalaban-laban.



Para sa iskedyul ng laro, tignan ang [\[http://www.wc2007.info\]](http://www.wc2007.info)


Ang mga tiket ay mabibili sa Electronic Ticket PIA, Lawson Ticket, CN playguide, Eplus at ibapa. Para sa katanungan: The 3rd American Football World Cup 2007 Kawasaki Championship Office: 044-200-0062 at 044-200-2348.



Windbells market sa Kawasaki Daishi

(川崎大師風鈴市)


302




Ang pinakamalaking pamilihan ng windbells sa buong Japan ay magbubukas sa Kawasaki Daishi mula ika-18 ng Hulyo (Miyerkoles) hanggang ika-22 ng Hulyo (Linggo). Ito ay magbubukas sa oras ng alas 10 hanggang alas 6 ng hapon sa ika-18, 19, 21 at 22 araw samantalang sa ika-20 ay alas 10 hanggang alas 9 ng gabi.

Mula sa orihinal na "Daruma Windbells" na kinikilalang proteksyon laban sa masasamang pangyayari, may mga Nambu windbells, Edo windbells at Gold windbells na may iba't ibang kulay na galing sa iba't ibang lugar. Ito ay matutunghayan at maaaring hawakan. Sa pamilihang ito, may 800 na uri at 25000 bilang ng mga windbells ang ilalabas at ibebenta. Karamihan sa mga mamimili nito ay mapapansing nakadamit ng presko tulad ng YUKATA at sa panahon ng tag-araw, malilibang tayo sa pakikinig ng mga tunog ng windbells na ito at upang makaranas din ng mga bagay na nagpapatunay sa mga summer features sa lahat ng mamamayan. Halina't pakinggan at tunghayan ang tradisyunal na kultura ng bansang Hapon!

Upang makarating sa Kawasaki Daishi, sumakay sa Keikyu Daishi line at bumaba sa (Kawasaki Daishi) at lalakaran ito ng 8minuto. 「Para sa inyong katanungan, tumawag sa Kawasaki Daishi Hirama Tera」 044-266-3420.





Kirari Takatsu Concert

(きらりたかつコンサート)

Ang ika 5 konsiyerto ng Kirari Takatsu ay gaganapin sa malaking bulwagan ng Scrum21 na matatagpuan sa Takatsu ku Mizonokuchi sa ika-29 araw ng buwan ng Hulyo. Ang ibentong ito ay pagkakataong matunghayan ang mga iba't-ibang categoryang ng musika ng mga performers sa Mizonokuchi. Kabilang sa mga performers na ito ang apat na grupong tulad ng sumusunod: CHICK-CHICK FOR PEACE, Sanichiru, Leaf of reason at Best partner.

Halina! Inaanyayahan ang lahat upang panoorin at pakinggan ang mga konsiyerto ng mga mang-aawit ng POPS sa Mizonokuchi ngayong summer. Mapapanood ito ng Libre!

Ang Scrum21 ay matatagpuan sa Musashi Mizonokuchi ng JR Nambu Line o di kaya sa istasyon ng Mizonokuchi Tokyu-Den-entoshi Line. May 10 minutos ang lalakaran mula sa istasyon.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Takatsu Kuyakusho Chiiki Shinkoka: 044-861-3134.



Libreng Lobby Concert 2 sa Kawasaki International Center
July 14, 2007 6:00pm

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid —Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/